

PROLOGUE

Her name is Amelia, and she always says she is named after aviation pioneer Amelia Earhart. But unlike Miss Earhart who tried flying over the Atlantic but never came back, Mel was back in my life in almost the same moment that my womanizing, jet-setting best friend was back from one of his assignments as an international fashion photographer.

Mel was a schoolmate in high school, my junior and was one of the coolest and prettiest. Hindi siya kasama sa 'in' crowd, hindi siya cheerleader o jock, o super achiever sa academics. But I noticed her, anyway. Ang akala ko, hindi niya ako papansinin. Ang sama pa mandin ng reputasyon ko noong high school. Playboy daw ako, maloko, at hindi puwedeng pagkatiwalaan dahil tiyak na wala naman akong balak magseryoso sa isang relasyon.

Who was ever serious in high school, anyway?

But when Mel said she liked me, too, and allowed me to hold her hand, I was a goner. Noon lang yata ako umamin na in love ako sa isang babae.

Too bad that things also had to end sooner, at hindi

Like A Fairy Tale - Sachi Bliss

man lang niya iyon ipinaglaban kahit alam naman niyang puwedeng gawan ng paraan.

Anyway, years and experience have both changed us. Ilang beses na kaming muling nagkita matapos akong magbalik sa Pilipinas para dito magpatuloy ng college. Then I never saw her again because her job took her to another country.

Natuwa pa naman akong makita siyang muli.

Only to find out sooner than expected, that dear old Amelia fell again, not in the Atlantic, not in my arms, but for another who's reputation was far worse than what I had back in high school.

1

Wala pang alas ocho y media ay nasa *Cielito's* si Mel. It was another Saturday night and it was her favorite time of the week. Nangangahulugan kasi iyon na wala siyang pasok sa susunod na dalawang araw sa trabaho niya sa isang airline company bilang aviation engineer. The past two months since she came back home after being assigned in Japan for two years had been hectic. Ngayong gabi ay imi-meet niya ang ilang high school friends at nagkasundong magkikita sila sa restaurant bar na iyon sa *UP Village*.

Bandang alas nueve pa talaga ang usapan nila at dahil maaga siya, minabuti niyang tumambay muna sa tabi ng bar at paminsan-minsan ay kinakausap ang bartender. It felt good being finally able to unwind. Nakakapagod din ang trabaho niya. She loved her job, but the past two months na parati siyang nag-overtime was beginning to take its toll.

Idagdag pa roon ang palaging pangungulit ng kanyang mama na gusto na raw nitong magkaapo sa kanya. Bunso at nag-iisang babae si Mel at parehong may-asawa na ang dalawa niyang kuya. Ang kanyang ina ay nakatira sa kanilang lumang bahay sa Carmona,

Cavite kung saan kapitbahay lang nito ang panganay niyang kuya.

Matagal na panahon na rin simula noong huli siyang magkaroon ng boyfriend at kulang na lang ay isali siya ng ina sa dating portion sa radio programs o personal ad sa mga dyaryo. Sa nagdaang mga taon ay naka-develop na yata siya ng tolerance sa pangungulit ng kanyang mama, ngunit tila tumaas lang ang level ng kagustuhan nitong magka-boyfriend siya.

Napabuntong-hininga si Mel habang minamasdan ang kabuuan ng lugar. There were couples everywhere. Hindi naman siya naiinggit. She had done well without a man for the past years. Wala siyang problemang magka-boyfriend ulit, ang kaso lang ay wala pa siyang nakikilalang karapat-dapat maging nobyo.

“Ma’am, rootbeer n’yo po,” narinig niyang tawag ng bartender at iniabot sa kanya ang malamig na rootbeer in can. Nagpasalamat siya rito at itinuloy ang pagmamasid sa mga taong naroon. Noon niya napansin ang isang matangkad na lalaking kausap ang isang magandang babae. The man looked very familiar at dahil naiinip na rin siya sa pagdating ng mga kaibigan ay lumapit siya rito.

“Connor? Connor Vallejo?” di-makapaniwalang sabi niya. Upang mamula lang sa hiya dahil kasabay

ng pagtawag niya sa lalaki ay ang paglapit nito sa kausap na babae na tila hahagkan ito.

Gulat tuloy itong napatingin sa kanya. “Mel?”

Napatingin siya sa babaeng kasama nito, na curious na nakatingin sa kanila. “Oh my God, I’m so sorry! Did I interrupt something?”

Ngunit umiling lang ang babaeng nang ipakilala sa kanya ni Connor ay Miranda pala ang pangalan. Obvious na may ugnayan ang dalawa ngunit hinayaan nitong asikasuhin muna siya ni Connor dahil may kailangan daw itong kausapin.

“Nakakahiya. Sorry talaga. Mukhang nagmoment pa naman kayo,” nangingiwing sabi niya sa lalaki na noon lang niya napag-alamang may-ari pala ng resto bar na iyon.

“Huwag kang praning at sobrang cool iyong si Miranda,” natatawang tugon nito habang nakaakbay sa kanya at iginigiya siya sa isang mesa na ipina-reserve na raw ng mga kaibigan niya. She didn’t even know that this man, who was actually her first boyfriend back in high school, was now a serious and successful business owner. Dati kasi ay pilyo at maloko ito na tila walang balak magseryoso sa buhay.

“Medyo lutang kasi ako at excited na makalapit

sa 'yo." Tiningnan niya ito, na napansin niyang lumamlam na ang mga mata. "O, bakit?"

"Wala." Bumuntong-hininga ito. Ngunit dumako naman ang tingin nito kay Miranda, na noon ay kausap ang isang lalaki at isang babaeng kapwa nakapuwesto sa stage.

"Puntahan mo na kung nami-miss mo na agad. Okay lang ako dito." Nakangiting itinulak pa niya nang bahagya si Connor.

Umiling ito. "Nah, I will have to be in the kitchen after this." Ngunit nakapako pa rin ang tingin nito kay Miranda. "I really like her, you know. But it has always been obvious that way before we met, her heart already belongs to someone else."

"What? Connor, ang drama mo!"

"I'm serious! You see that dude she's with? Sa tingin ko..." Napabuntong-hininga ito. "Hay, ewan ko ba. I could be wrong."

"You're probably wrong! Nakita ko kaninang sweet ang isang lalaking iyon d'un sa girl na naka-orange. Praning ka din lang. Come on, okay na ako dito." Kinuha niya ang cellphone sa bulsa.

"You sure?" paniniguro nito ngunit tumayo na

rin.

“I’ll be fine.” Nag-thumb up siya na sinagot lang nito ng ngiti bago tumalikod. Ang akala ni Mel ay lalapitan nito si Miranda ngunit ilang sandaling tiningnan lang nito ang babae bago dumerecho sa hallway na marahil ay patungo sa kitchen area.

“That’s weird.” Napailing siya at ibinalik ang *reserved* sign sa mesa.

Nagtungo sa bar si Mel at sinabing naka-reserve sa grupo nila ang mesa bago nagsimulang mag-dial. Ngunit ilang beses na siyang sumusubok ay parating busy naman ang mga numero ng tatlong ka-meeting niya. Nag-text na lang tuloy siya sa mga ito.

Sumandal siya sa bar counter at tumingin sa gawi ng pinto. Tiyempong papasok ang isang lalaking may magandang pangangatawan. Wala itong kasama at halatang mayroon sigurong imi-meet sa loob dahil kaagad nitong inilibot ang paningin sa kapaligiran. Nang mailawan ang mukha nito ay doon niya napagtanto kung gaano ito kaguwapo. His face was the kind that easily stood out. He looked kind and yet there was a dangerous aura about him.

Siguro ay dahil iyon ang tipo ng mukhang siguradong maraming babae na ang nabihag. His eyes

were deep-set at sa mga sandaling iyon ay naniningkit nang bahagya, like he was struggling to see through the dim lights. Hanggang sa mapunta ang tingin ng magagandang matang iyon sa kanya.

Na sa di malamang kadahilanan ay kaagad na nagpabilis sa tibok ng puso ni Mel.

The man made her nervous... or was it excitement that she was feeling?

There she is... ani Finley sa sarili at matamang minasdan ang babaeng nakatayo sa bar counter. Stand-out ang ganda nito kahit na kay simple ng suot nito. She wore a black collared baby t-shirt and faded jeans. Sneakers ang suot nito sa paa. May hawak itong tila soft drink in can at nakatingin sa kanya.

Hindi niya alam kung nakilala siya nito. Malabo rin kaya ang mga mata ng babae? But he hadn't noticed it when they first met at the gas station a few days ago. Kapwa sila nasa convenience store ng naturang gasolinahan habang hinihintay na matapos ang pagpapalinis ng kani-kanyang mga sasakyan. They exchanged numbers before they parted ways and she was flirty and naughty during their exchange of text messages. Napagkasunduan nilang magkita

sa *Cielito's* nang gabing iyon. At heto nga siya at ini-enjoy muna ang sariling masdan ito bago lapitan.

Hanggang leeg ang buhok nitong kulot at may kaunting layers ang pagkakagupit. Hindi niya masyadong maaninaw but he knew it was her and that she had been waiting for him. Kung bakit kasi sa pagmamadali niya kanina ay natabig niya ang lalagyan ng contact lenses, na pansamantala lamang niyang ginagamit dahil kinabukasan pa niya makukuha ang ipinagawang bagong salamin sa mga mata. He had poor night vision at ang ilaw sa *Cielito's* ay hindi nakakatulong para maayos niyang makita ang lahat. Nonetheless, he was happy that she was there.

Iginala ni Finley ang tingin sa paligid. Halos puno na ang lugar. Ayon sa kaibigan niyang si Connor ay may gig daw mamayang alas diez. They can both enjoy some cool acoustic music first before they do stuff.

He smiled at the thought of the stuff they could do. Muling bumalik ang tingin niya sa babae na noon ay naglakad patungo sa maliit na stage at may kinausap na tila staff doon. Napangiti siya. Hindi niya napansin noong una niya itong makilala na may pagka-boyish itong kumilos. But it looked nice on her,

because it just added to her allure. He thought she looked sexier with her moving about that way.

Mayamaya ay muli itong napatingin sa kanya, tumagal iyon. Ngumiti siya. Ngunit tumalikod ito at naglakad patungo sa isang maliit na hallway. Lumakad siya upang sundan ang babae at nakita niyang mayroon palang exit sa tabi ng bar, at sa itaas niyon ay may signage na nakasulat: *This way to the Park and Garden.*

Napatangu-tango siya. He knew that the place looked awesome at night. Nangingiting sinundan niya roon ang dalaga. Iniisip na marahil ay gusto nitong masolo siya. A lot of things went in his head as he followed her.

He couldn't wait to have her.

Sino ba iyon? nawiwindang na tanong ni Mel sa sarili habang di mapakali sa pagkakatayo sa tabi ng fountain sa isang puno sa courtyard. The place was beautifully landscaped, with trees and shrubs and benches everywhere. May fountain din sa gitna niyon na hindi ganoon kaliwanag ang ilaw. Nang mga sandaling iyon ay siya lamang yata ang naroon dahil lahat ay nasa loob at naghihintay sa pag-uumpisa ng

gig.

Umalis lang siya sa loob dahil nailang siya sa paraan ng pagkakatingin sa kanya ng lalaking iyon. He was looking at her as if he found her beautiful, and he even smiled when she looked his way again. Kaya lang naman siya napalingon ay dahil damang-dama niya ang pagkakatingin nito sa kanya. At hindi iyon maintindihan ni Mel. Hindi niya ito kilala. Noon niya lamang ito nakita. He looked somewhat familiar, though. Artista ba ito? Hindi pa mandin siya nanonood ng TV. Model siguro o singer. Kung sinuman ang lalaki, ang tanging sigurado lang siya ay hindi siya komportable sa paraan ng pagkakatingin nito sa kanya. Sana ay hindi ito magtagal roon.

Ngunit kakaisip pa lang niya noon ay tila may-sa bampira na nakaramdam uli siya na tila may nagmamasid sa kanya. And true enough, someone was there. And it was none other than the man who had been looking at her inside *Cielito's*. Ilang metro ang layo nito sa kanya, nakangiti at tila nang-aakit ang tingin. *My goodness! Sino ba ito?*

Bahagya siyang napaatras. Ngumiti lang ito.

Baka maniac ito. O rapist! Nagpalinga-linga siya sa paligid. Maraming puwedeng daanan upang makatakbo siya. Isang maling kilos lang nito ay

kakaripas talaga siya ng takbo.

Mataman niya itong tiningnan. Nakangiti ito sa kanya. In fairness, he may look dangerous but he didn't really look like he's about to do her harm.

“Hey...” anito. His deep, very male voice seemed to seep into her.

Hindi nakapagsalita si Mel. Ano ang sasabihin niya? “Hi...” alanganing bati niya.

Tumaas ang isang kilay ng lalaki, ngunit nanatili itong nakangiti. His smile looked somewhat playful and mischievous. Nagsimula itong lumakad patungo sa kanya, hindi inalis ang tingin sa kanyang mukha.

At tila ipinako siya sa kinatatayuan niya ng tinging iyon. His look seemed to promise a thousand things. She blinked.

Gaano katagal na sandali na ba ang lumipas? O masyado siyang nawiwindang sa tingin ng estranghero na hindi na niya namalayang tuluyan na pala itong nakalapit.

Nang malapit na malapit.

So close that their breaths mingled, and she could easily jump into those pool of deep brown eyes.

Like A Fairy Tale - Sachi Bliss

She took a deep breath, just to have something to do to keep herself calm. Gusto niya sanang komprontahin ito. Sino ba ito? Ano ang balak nitong gawin?

But before she could open her mouth to say anything, he had pulled her close. One arm circled the small of her back, while the other cupped her head. And his lips captured hers in a passionate kiss.

Finley couldn't believe his luck. He must be kissing the softest, sweetest lips ever. She tasted faintly of rootbeer, but great nonetheless. Tila nagulat ito sa ginawa niya, at sa umpisa ay ramdam niya ang mga kamay nito sa kanyang dibdib at itinutulak siya. But he was not about to let go.

Not when he had already tasted those lips and he simply could not get enough. Siniguro niyang pinagbubuti pa niya ang paghalik upang hindi na nito siya itulak, at maisipan pang lumayo. Ilang sandali lang ay tumigil na ang babae sa pagpipilit na maitulak siya palayo. It now felt like she was just allowing him to kiss her.

Ilang sandali pa ay naramdaman na niya ang pagtugon nito sa halik niya, tila alangan pa sa umpisa.

But that little bit of hesitation just drove him over the edge. Soon he felt himself wanting more. His hands began their exploration.

Hindi makapaniwala si Mel sa nangyayari. Nagugustuhan niya ang ginagawang paghalik sa kanya ng lalaki. Ni hindi siya makapaniwalang hinayaan niya itong halikan siya. The man was one hell of a kisser!

Alam na alam nito ang ginagawa. At maging kung paano nito nagawang patigilin siya sa pagtulak dito kanina ay hindi niya alam. He just kept kissing her. But every move of his soft, luscious lips was enough to make her forget that she was kissing a stranger.

Hindi pa siya nahalikan nang ganoon sa buong buhay niya. Tila iyon ang una at sa paraan nito ng paghalik ay tila noon lamang niya nadidiskubre kung gaano kasarap ang mahalikan. He tasted good, and his lips were ravishing hers in a way that nobody had ever done before. It sent her heart beating wilder.

Sa umpisa ay sinubukan niyang itulak ang lalaki, ang mga palad niya ay nasa dibdib nito at kanina pa bumubuwelo upang mailayo sa katawan niya. But he was strong, and he held her in a way that she couldn't

let go. She went limp in his arms.

But this was wrong! Dama niya ang maingay at mabilis na pintig ng kanyang puso, ang panginig ng kanyang mga kamay habang kumukuha ng tiyempo upang muli itong maitulak. His kiss was a major distraction! Tila wala itong balak na huminto, at siyang-siya na halikan siya.

At si Mel? Hindi niya alam! Nababaliw na yata siya. The kiss seemed to go on forever. The sensation was electrifying especially when his able hands started caressing her back. Noon siya naalarma. Lalo na nang maramdaman niya ang pagpunta ng isang kamay nito sa kanyang baywang, feeling it at first, before it slowly tried to get under her shirt.

Noon napadilat ang dalaga at mabilis na itinulak ang kahalikan bago niya ito pinagkalooban ng isang uppercut. Napaatras ito, sapo ang kaliwang pisngi, may pagtataka sa magagandang mata. Muntik nang mapaupo ang estranghero sa buhangin kung di lang kaagad ito nakakapit sa isang puno.

May pagtataka at tila galit sa mga mata nito nang makuha nitong magsalita: “What the hell? What is wrong with you, woman?”

2

Hindi makapaniwala si Finley sa nangyari. Fine, naging mapangahas siya and tried to feel the soft skin underneath her shirt. But did he deserve that? Masakit iyon. Malakas ang impact at napuruhan siya ng suntok ng babae. Ramdam niya ang tila pagkapunit ng balat sa kaliwang pisngi niya. *Shit!*

Galit at nanlalaki ang magagandang mata ng babae. Funny how looking into those eyes, all he could think about was how sensual they looked earlier.

“Ako pa ngayon ang may problema?” humihingal sa galit na tanong nito. “Sino ka ba?”

Galit ito. But her voice... It sounded like it couldn't get louder. He found himself actually liking the sound of it.

Umayos siya ng tayo. “What is up with you, Miss? O siguro nagtitrip ka lang. Ikaw itong naunang lumapit sa akin sa gas station. Ikaw itong nagpakilala at nag-imbita sa aking magkita tayo. You were the one sending those naughty messages all these time.”

Dinuro siya ng babae. “Eh, mas sira ka pala!

Hindi ko ugaling mang-pick up ng lalaki at lumandi sa gasolinahan! Hindi kita kilala! Ikaw itong tingin nang tingin kanina pa, 'tapos bigla na lang nanghalik!”

“But you were looking at me, too!” protesta niya. Nilapitan ito ni Finley. Tila gigil na gigil ito sa kanya.

“Dahil nga tingin ka nang tingin! Kaya nga ako umalis dahil ang weird mo. 'Tapos, sumunod ka naman.” Tila hindi makapagpigil na nilapitan din siya nito at aktong muli siyang uupakan, ngunit mabilis na napigilan niya ang mga kamay ng babae bago pa muling dumapo sa mukha niya. “Not another one! Sheesh! Ang sakit na nito, okay?”

“Buti nga sa 'yo!” asar na sikmat nito.

He sighed, still holding both her wrists. “Come on, Jessy...”

Natigilan ito sa sinabi niya bago nangunot ang noo nito. “Jessy? I am not Jessy! You sleazebag!”

Totoong nagulat siya roon. “What? Seryoso ka?”

“Bulag ka ba? O lasing?” Kaagad itong umatras habang hawak pa rin niya. Huminto ito sa tabi ng isang poste kung saan naiilawan nang maayos ang mukha nito. “O, ayan, hindi ako ang Jessy mo! Hayup ka!”

Finley was stunned. The woman really wasn't Jessy. Nagkamali siya. Pero gusto rin niyang maglulundag sa tuwa dahil mas maganda ito kay Jessy. Hindi niya mapigilang mapangiti habang nakatingin sa mukha nito.

"I'm sorry," pagpapakumbaba niya, pinipilit alisin ang ngiti sa mga labi. "Nagkamali nga ako. Hindi ikaw si Jessy. Magkasing-taas at magkasing-katawan kasi kayo. Pareho pa ang gupit.... Well, I have very poor night vision and I have yet to get my glasses..." paliwanag niya.

Muli nitong pinilit bawiin ang mga kamay sa kanya. Sa pagkakataong iyon ay binitawan na ito ni Finley. "Sa tingin mo, maniniwala ako sa 'yo?"

Muli siya nitong pinagsusuntok kung kaya muli niya itong hinawakan. Sa balikat tuloy niya tumatama ang kamao nito.

"Aray, tama na!" reklamo niya. "Masakit na!"

"Dapat lang iyan sa iyo!" tungyaw nito habang patuloy na nagpupumiglas at sinusuntok siya.

"Nag-enjoy ka rin naman, ah." He couldn't help but smile as he remembered the way she returned his kisses.

“Shut up!” namumulang sabi ng babae.

May sasabihin pa sana siya ngunit may nauna nang nagsalita. Or rather, may tumawag.

“Mel?” Pagtingin niya sa bandang kanan ay naroon ang kanyang kaibigang si Connor at palapit sa kanila. Takang nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanilang dalawa. “Finley?”

Mel couldn’t believe what she just heard. It was bad enough that one of her closest friends saw her trying to beat up a man in his property. Ngunit ang mas hindi niya mapaniwalaan ay ang itinawag nito sa lalaking talipandas.

“Kilala mo ang ungas na ito?” tanong niya, nakaamba pa rin ang mga kamay sa katawan ng kaharap.

Tumawa lang si Connor bago ito tuluyang lumapit sa kanila. “Ang ungas na iyan ay ang aking best friend since college, Mel. That’s Finley, by the way. As in *the* Finley Alejandro.”

Tila nanlaki ang ulo ng dalaga sa narinig. But of course, that was why he looked familiar. This guy was a freakin’ celebrity! Bakit ba hindi niya ito

kaagad nakilala? Finley Alejandro was a renowned international fashion photographer. His works graced such magazines as *Vanity Fair*, *In Style* and *Vogue*, and also had his works regularly featured in broadsheets.

Bukod doon ay madalas itong naikukuwento sa kanya ng lolo nito, na isa sa mga big bosses sa airline na pinagtatrabahuhan niya. Inirereto pa nga ito sa kanya ng matanda. But of course he didn't need to know that.

“Ito si Finley? Ito 'yung sinasabi ni Sir Greg na may ADHD daw? He is my boss at the *Asian Airways*.”

Lalong natawa si Connor. “Si Lolo Greg talaga. Love na love si Finley. ADHD huh?”

“May ADHD daw pagdating sa mga babae,” ani Mel bago muling hinila ang mga kamay mula kay Finley, na noon ay nakakunot na ang noo.

“And who are you?” tanong nito, titig na titig sa mukha niya.

“Pare, meet my good friend, Amelia,” pagpapakilala sa kanya ni Connor, na tila aliw na aliw sa ayos nilang dalawa.

Finley looked at her curiously. “Oh, so you're Amelia, as in Lolo's star aviation engineer named

after Miss Earhart.”

Tiningnan niya ito nang masama. Totoo naman iyon. Ipinangalan siya sa aviation pioneer na si Amelia Earhart, na nananatiling misteryo ang pagkawala nang mag-crash ang eroplanong pinalipad over *Atlantic Ocean* seventy years ago.

Sinalubong niya ang tila nang-aasar na tingin ng binata. “Well, yes, that’s me,” sagot niya. “Sigurado ka bang kadugo mo si Sir Greg?”

“But of course.” Ngumisi pa ang lalaki.

Lalo siyang nainis dito at muli itong sinimulang gulpihin. Ngunit dahil hawak nito ang galang-galangan niya ay hirap siya.

“Ano ba’ng ginawa sa ’yo ng isang iyan at gusto mong bugbugin? May nangyari ba?” tanong ni Connor. Hinawakan siya nito sa balikat.

“Wala pa ngang nangyayari. Kaya nga yata siya nagagalit,” ani Finley.

Gigil na muli niyang pinatamaan ito sa balikat. “How dare you!”

“Hey, tama na iyan. Pag-usapan natin ito,” pigil ni Connor at sa pagkakataong iyon ay binitiwang siya ni Finley, ngunit hawak naman siya ng kaibigan sa

mga braso niya.

“Hindi nadadaan sa usapan ang gagong ’yan!” asik niya kay Connor at kumawala rito.

Nginisihan lang siya ni Finley. His eyes were twinkling with mischief. “I am sure you’d rather have us continue what we started, Mel.”

“Don’t call me ‘Mel’! Hindi tayo close!” angil niya.

“Oh, I’ll call you ‘Baby’ then.” He winked at her.

Asar na tinalikuran na niya ito at dere-derechong bumalik na sa loob ng *Cielito’s*.

“So what really happened back there?” usisa ni Connor kay Mel habang naroon muli sila sa mesang naka-reserve para sa kanila ng mga kaibigan niya, na parating na raw.

Hindi siya kumibo at itinuloy lang ang pagbubulatlat sa hawak na menu folder.

“Mel, you have to at least let it out.”

She sighed. “Malabo ba talaga ang mga mata ng ungas na ’yon?”

Tumaas ang isang kilay nito. “Yes, near-sighted

siya. Astigmatic-myopic. Medyo mataas na din ang grado ng mga mata ni Finley. Pero wala siyang salamin ngayon dahil bukas pa daw makukuha. Tamad kasi siyang mag-contacts,” tugon nito na ngumiti.

“At mahina ang night vision niya?”

Tiningnan siya ng kaibigan. “Yes... his night vision is so poor he used to often bump into things at minsan, nahuhulog pa sa hagdan kung walang salamin, o dalang flashlight noong nagdo-dorm kami sa *San Beda*.”

“And he has the tendency to mistake a person for somebody else?” Tinitigan niya ang kausap, na noon ay nagtataka na sa mga tanong niya.

Tumango ito. “Hmm... I haven’t heard of it happening... pero posible.” Curious na tiningnan siya ni Connor. “What happened, Mel?”

“Napagkamalan niya akong si Jessy,” sa wakas ay sumbong niya.

Kumunot ang noo nito. “Who is Jessy?”

“Ewan, di ko kilala. Nakilala daw niya sa gas station n’ung isang araw. Dapat daw magkikita sila dito.”

“And?”

Muli niyang tiningnan ang kaibigan, medyo nag-aalangan at nahihiya pa siyang sabihin dito ang nangyari.

“Mel, hindi mo siya uupakan nang ganoon kung wala siyang ginawang di mo gusto.” Napangiti ito. “He has this nasty little cut on his cheek, at nangingitim na. Umuwi tuloy agad. Bawas na ang gandang lalaki niya.”

Umingos siya. “Eh, di mabuti.”

“So, ano ang ginawa sa ’yo ng kaibigan ko bukod sa napagkamalan kang si Jessy?”

Mataman niya itong tiningnan, ramdam niya na nag-iinit ang kanyang mga pisngi. The scene with Finley suddenly played in her head. “Your friend kissed me... right here,” tugon niya at itinuro ang mga labi.

The look on her friend’s face was priceless.

Kinabukasan, mag-a-alas onse na ng umaga nang magising si Mel. Nahirapan kasi siyang makatulog nang nakalipas na gabi dahil di iilang beses na tila tuksong nagpa-flash sa utak niya ang eksena nila ni Finley sa courtyard ng *Cielito’s*. She also could still

feel his kisses, his hot, luscious lips on hers. Gustung-gusto na niyang iuntog ang ulo sa pader. Hindi siya tinantanan ng mga imaheng iyon hanggang sa wakas ay nakatulog din siya bandang alas cinco na ng umaga.

Matapos ayusin ang sarili sa banyo ay tinatamad pa rin siyang nagtungo sa kusina, kung saan naabutan niya ang kanyang mama na naghihiwa ng puso ng saging. Matapos ang get-together nila ng mga kaibigan nang nakaraang gabi ay dumerecho na siya sa bahay nila sa Cavite. Masuyong humalik siya kay Mrs. Martina Echavez bago nagtimpla ng kape at dinala iyon sa mesa. Pag-upo niya ay nakamasid ito sa kanya, at sa di malamang kadahilanan ay tila nagniningning ang mga mata nito.

Tinaasan lang niya ito ng kilay bago maingat na humigop ng kape.

“Anak, gusto ko sanang mag-sorry sa ’yo, sa pangungulit ko lagi lalo na nitong nakakaraan na maghanap ka na ng boyfriend,” umpisa nito. Sa lahat ng nagso-sorry ay ito ang hindi mukhang repentant. Mas mukha itong nagde-deliver ng balitang tumama sila sa lotto kaysa apologetic.

Curious na tiningnan lang niya ang matanda. “May sakit ka, Mama?”

Hindi nito pinansin ang tanong niya. “Alam ko namang napi-pressure ka na dahil sa pangungulit ko. Pasensya na, Anak, at makulit ang iyong ina. Ganito talaga pag tumatanda.”

Nailing na hinawakan niya ang kamay nito at tinapik iyon. “Huwag mong isipin iyon, Mama. Okay lang ako. I understand.”

“Anak, naiintindihan ko rin kung naglilihim ka sa akin. At ngayon ay alam ko na kung bakit hindi mo gusto pag pinipilit kitang humanap na ng boyfriend,” patuloy pa nito.

Dudang binitawan niya ang kamay ng ina. “Ano ba’ng sinasabi mo, Mama?”

“Anak, okay lang naman, eh. Alam ko namang may boyfriend ka na,” sabi nito, lalong kumutitap ang mga mata.

Muntik na siyang masamid sa kape dahil sa narinig. “What?”

“Anak, tanggap ko. Ayos lang sa akin. Basta ba ipakilala mo lang siya at dalhin mo dito para makasama nating kumain. Lunch o dinner, kung ano ang mas gusto niya. Ipagluluto namin siya ni Delia,” anito na ang tinutukoy ay ang isa nilang kasambahay.

Tiningnan ito ni Mel nang mataman. “Mama, wala akong boyfriend!”

“Anak, tanggap ko na naman, di ba? Ayos lang talaga at natutuwa ako. Lalo pa at gusto ko rin naman si Finley,” saad pa ng kanyang ina. Parang Christmas lights ang mga mata nito sa pagkislap.

Muntik na siyang malaglag sa kinauupuan. “Finley?”

“Alejandro. Apo pala siya ng boss mo?” Ngumiti ito nang matamis. “I know him, nagbabasa kaya ako ng *Vanity Fair*. Huwag mo nang itanggi, Anak. May nakakita sa inyo sa courtyard ng restaurant ng kaklase mo na si Connor at napaka-sweet n’yo daw dalawa...”

“Sino ang nakakita sa aming dalawa?” Pakiramdam ni Mel ay nanlalaki ang ulo niya sa mga naririnig. May audience sila nang nakalipas na gabi? Gusto niyang ilublob ang ulo sa mug ng kape.

“Yung kaibigan ng girlfriend ng anak ni Mareng Alma,” pagbibigay-alam nito na ang tinutukoy ay ang may-ari ng katabing lupa ng gulayan nila. “Tinanong nga ni Mare kung hinihigpitan ko daw ba kayo at sinabi daw n’ung nagkuwento ay parang sabik na sabik daw kayo sa isa’t isa kung makapaghalikan.”

Sumakit ang ulo ni Mel sa narinig. May audience

nga sila at inaasahan na niyang dahil sa kung sinumang kaibigan ng girlfriend ng anak ng kumare nito ay tiyak na hindi magtatagal ay malalaman ng buong baranggay ang tungkol sa kanila ni Finley. Hinilot niya ang sentido. Tila bigla siyang aatakihin ng migraine.

“So, ano ang paboritong ulam ni Finley, Anak? Nakakatuwa ito, ang sosyal pa ng pangalan niya!”

Samantala, sa bahay ng mga Alejandro ay halos ganoon din ang eksena. Ang kaibahan lang ay gustung-gusto ni Finley ang nangyayari, pero ang lolo nito ay nanggagalaiti sa inis.

“Hindi ka na nahiya. Doon mo pa hinahalikan si Amelia! Ano na lang ang sasabihin ng pamilya niya? Na hindi ka namin tinuruang gumalang sa mga babae? Unica hija nila iyon, hindi mo dapat basta hinahalikan kung saan-saang lugar lang.

“At bakit ni hindi mo pormal na ipakilala sa amin? Finley. my boy, wala kaming problema sa kanya. Pero kung kami ang magulang niya at ikaw ang magiging boyfriend niya, baka ni dulo ng daliri ni Mel ay di mo mahawakan,” talak ng kanyang Lolo Greg, talo pa ang namayapa niyang Lola Celia. Hawak pa nito

ang nakabalumbong dyaryo na tila handa nitong ihampas sa kanya anumang sandali.

“Papa said Amelia is a very decent young woman, Finley. At sinisiguro namin sa iyong gusto namin siya. Why don’t you invite her for dinner next weekend?” suhestyon ng kanyang papa na si Gino.

“At huwag mo na siyang hahalikan nang ganoon kung saan-saan lang. May mga bahay kayo. Kaunting galang naman sa kanya, Anak,” anang kanyang ina na na si Salve.

Amused na tiningnan ng binata ang mga ito. Hindi niya alam kung kanino saktong nanggaling ang balita. Ayon sa lolo niya ay galing daw sa kapatid ng kaibigan ng anak ni Mang Kanor, ang may-ari ng barbershop sa labas ng subdivision nila. Naaliw siyang sa halip na magalit na may bago ulit siyang babae ay tila excited pa ang mga ito. Ngayon lang nagkaroon ng ganoong reaksiyon ang kanyang pamilya sa isang babae na na-involve, in a way sa kanya.

Noon lang may na-link kay Finley na mula sa international airline company na limang dekada nang pinaglilingkuran ng kanyang lolo, at medyo kilala ng mga ito. And it so happened that the woman in question was also smart, apparently good at what she was doing, beautiful and a delicious kisser, too.

Napangiti siya nang maisip ang nangyari nang nagdaang gabi.

“Bakit ngingiti-ngiti ka diyan? Siguraduhin mong dadalhin mo dito sa susunod na Sabado si Amelia,” utos ng kanyang lolo.

Bumuntong-hininga siya. Itinaas niya ang dalawang kamay. “Fine. She will have dinner with us this Saturday.”

3

Ayaw pang umuwi ni Mel. Lunes at isang oras na ang nakalilipas simula nang matapos ang nine-hour shift niya sa hangar at nagsagawa ng maintenance checks sa ilang eroplano ng *Asian Airways*. Nasa isang coffee shop siya sa Terminal 3 at wala pang balak umuwi sa tinutuluyang studio-type condominium unit sa Makati.

Ayaw pa niyang umuwi dahil naririndi na siya sa pangungulit ng ina kung ano ang paboritong ulam ni Finley. Kachikahan pa mandin nito ang guard at receptionist sa lobby ng condo building niya, at namonitor nito kung nakauwi na siya at maaari nang kulitin sa phone.

Panay rin ang tanong nito kung paano silang nagkakilala, kung gaano na sila katagal at kung anu-ano pa. Simula noong eksena nila sa courtyard ng *Brighton Place* ay hindi na siya nakatulog nang maayos. Problema pa niya ngayon ang sinabi sa ina na dadalhin niya si Finley sa bahay upang doon mananghalian sa darating na Linggo. Ano ang gagawin niya?

Ayaw niyang humingi ng tulong kay Connor.

Ang plano niya ay siya mismo ang kakausap kay Finley ngunit paano? Malay ba niya sa hectic na jet-setting schedule nito? She had his number, ibinigay iyon sa kanya ni Connor ngunit hindi naman niya alam kung paano sisimulan ang text o tawag kung sakaling kakausapin niya ito.

Labag man sa kalooban ay kailangan niya itong kausapin. She would hate to break her mother's heart. Isang lunch o dinner sa bahay nila kasama ito ay ayos na sa kanya. Then it would be easy to tell her mother that things didn't work out. Dahil hindi sila madalas magkita, dahil magkaiba ang mundo nila.

Napabuntong-hininga si Mel habang inaayos ang mga gamit sa loob ng malaking backpack niya. Hindi niya gustong nagsisinungaling sa ina ngunit hindi rin naman ito naniniwalang hindi sila magnobyong ni Finley, kaya wala na rin siyang pagpipilian. Sana lang ay madaling kausapin ang binata. She just needed to tell him what was going on. Pero hindi nga niya alam kung paano iyon uumpisahan.

Kinuha na niya ang itim na backpack at isinukbit iyon sa balikat. Bitbit ang isang grande caramel frappucino ay lumabas siya ng coffee shop at binagtas na ang hallway, palabas. Pasado alas ocho pa lang at marahil ay bukas pa ang *Mall of Asia* o *Glorietta*.

Mag-iikot muna siya.

Ngunit nang madaanan niya ang isang guwardya ay sinabi nitong may naghihintay sa kanya at itinuro nito ang isang itim na *Nissan Terrano* sa parking area. Nangunot ang noo ni Mel, wala siyang kilalang may ganoong sasakyan. Ngunit pagtingin niya muli ay nakita niyang may nakasandal palang lalaki roon.

It was Finley, standing there, looking a bit impatient as he checked his watch.

She felt her heart beating fast, and she didn't quite understand why. Tila naririnig pa niya ang tunog niyon.

What the hell? Ipinilig niya ang ulo. Pagkatapos ay naglakad na siya palapit sa naghihintay na lalaki.

“Hi,” bati niya. Noon ito nag-angat ng tingin. He was wearing rimless glasses. He looked more dignified, less dangerous and still very handsome.

Bumuntong-hininga ito. “Pupuntahan na sana kita kaya lang hindi ko rin alam kung saan ka hahanapin. But what are you doing there when everyone else in your shift has gone home? I asked, hanggang alas siete lang daw kayo.”

Tiningnan lang niya ang kausap bago naisip na

hindi niya ito dapat sungitan ngayon. May kailangan siya rito. “Wala naman akong ginawang trabaho simula nang mag-uwian. I just stayed inside because I didn’t want to go home yet,” pagtatapat ni Mel.

Ipinagbukas siya nito ng pinto ng sasakyan. “Nasaan ang auto mo? Ibilin mo na lang sa guard. Balikan natin bukas.”

“Hindi ako gumagamit ng kotse unless may pupuntahan ako out-of-town. Jeep o bus ang sinasakyan ko pag papunta at pabalik galing dito.”

Tila hindi makapaniwalang tiningnan siya nito. “Get in,” utos nito.

“Ayoko pa ngang umuwi.”

Tumaas ang isang kilay ng binata. “Sino ang may sabing uuwi na tayo? We will have dinner first.” Hinuli nito ang mga mata niya. “We have to talk.”

She met his gaze. “Fine.”

Hindi makapaniwala si Finley sa nakitang suot ni Mel. Sure, there wasn’t anything wrong with it. Itim na snug fitting shirt, military jacket, straight cut jeans at sneakers. She looked androgynous. Halos hindi niya maaninag ang hugis ng katawan nito. He

couldn't quite make out the feminine curves and the slender waist.

Naiiling na isinara niya ang passenger door, lumigid at binuksan ang pinto sa driver seat. Kinakabahan siya. Hindi niya alam kung ano ang magiging reaksyon ng dalaga kapag nakitang naghihintay siya sa labas ng airport. Ngunit nagulat at nagtaka siyang maayos siya nitong pinakitunguhan. She was almost nice. Mukha rin itong pagod, puyat at medyo namumutla. Ngunit maganda pa rin.

“So, you commute?” muli niyang pag-uumpisa ng usapan nang makaupo na siya at sinimulang buhayin ang makina.

Tiningnan siya nito. “Yes.”

Ibinuwelo ni Finley ang manibela upang makaalis ng parking area patungo sa kalsada. “I actually am surprised.”

“Ano’ng nakakagulat doon?”

He smiled as he manuevered the vehicle to the main road. “Masyado kang maganda para mag-commute.”

“And what’s that supposed to mean? Pakipaliwanag at masakit sa ulo ’yang sinabi mo,” anito, napaangat

ang likod mula sa pagkakasandal sa upuan.

Shit! Bakit ba ganoon ang naitanong niya? “Uhm... I mean hindi ba delikado sa 'yo...”

Bumuntong-hininga ito. “Finley, I know it’s quite naïve to believe walang posibleng gumawa ng masama sa akin o sa kahit kanino, but I’m confident that I can very well take care of myself.”

Napatangu-tango siya. “Okay.” *So much about small talk.* “I’m sorry.”

“No need to be sorry.” Bumuntong-hininga ito. “I’m sorry din. Stressed lang ako. Si Mama kasi...” Saglit itong napahinto bago tila resigned na nagpatuloy sa sasabihin. “Tatapatin na kita. Masaya akong makita kang naghihintay sa akin kanina.”

Tumaas ang kilay niya. “Well, I’m not. I mean hindi ako masaya sa paghihintay doon. Isang oras din akong nakatambay.”

Nahiya naman siya rito. “I’m sorry. Ayoko pa kasi talagang umuwi kaya kahit alas siete ang labas ko, hindi muna ako umalis.”

“Ayos lang. Hindi lang ako sanay. Hindi man lang kasi kita matawagan o ma-text. I didn’t even know your number. I couldn’t ask Connor dahil aabutin ako

ng asar doon. Besides, I really don't want to entertain any questions." He sighed.

He could feel her eyes on him. "Me, too." Tiningnan siya ni Mel, "I'm just not in the mood para makipagkulitan sa kaibigan mo ganitong kinukulit na ako ni Mama... tungkol sa iyo."

Napatangu-tango siya. "I take it we have the same dilemma? Dahil kinukulit din ako ng lolo at mama ko. Nakikisali pa ang tatay ko."

"May nakarating sa kanilang balita na nakita tayo ng kaibigan ng anak ng manikurista ng amiga ng kapitbahay ng secretary ng family doctor ninyo ang eksena natin sa patio?"

Nahilo siya sa sinabi ng babae pero natawa siya. "Close. Something like that." Tiningnan niya ito; hinihilot ng dalaga ang sentido nito. "Ang ibig sabihin ba niyan ay pareho tayo ng dilemma?"

She looked at him with those stunning piercing eyes. "Maybe."

Finley was amazed at how much Mel wanted to eat for dinner. Pinapili niya ito kung ano ang gusto nitong kainin at tila ito batang itinuro ang

lahat ng gusto nito sa menu. Nag-order ang dalaga ng ginataang sugpo, bangus sisig, relenong pusit at suam with malunggay soup. Tatlong order ng kanin din ang kinuha nito. Lalo pa siyang nagulat nang pagdating ng lahat ng pagkain ay yumuko ito upang magdasal nang ilang saglit bago sinimulang lantakan ang pagkain sa mesa.

They were inside one of those seafood restaurants in Parañaque, at sa pagitan ng mga subo ay ikinuwento nito kung ano ang nangyari.

“So ayun nga, may nakapagkuwento kay Mama ng nakita ng kung sino mang iyon sa likod ng *Cielito’s*. Imagine that! Mula Quezon City, umabot ang balita sa Carmona! She insists now that we’re together and wouldn’t believe me when I say otherwise. Ang akala niya, itinatago ko lang ang relasyon daw natin. Nakakaloka ang nanay ko. ”Tapos ang gusto pa niya ay kumain ka daw sa bahay, lunch or dinner at ipinapatanong pa kung ano favorite dish mo...” Humiwa ito ng relleño. “Well... what is it?”

“Lechon paksiw at paella,” nakangiting tugon niya. Hindi niya mai-focus ang atensyon sa mga kinakain dahil naaalliw siyang panoorin ito.

“Okay,” tango ng dalaga. “Anyway, paano ko ipapaliwanag sa kanya na hindi talaga tayo, na

napagkamalan mo lang ako? Baka ipapulis ka niya! I know that sounds OA, pero hindi mo kilala ang nanay ko. Ilang araw na rin niya akong kinukulit and frankly, hindi pa ako na-stress nang ganito kahit kailan. I just want this to be over.”

“I’m really sorry, Mel,” sinserong saad niya. Mukha ngang stressed ito dahil sunud-sunod ang subo. Parang hindi na ngumunguya.

“Nangyari na, eh.” Tiningnan siya nito nang mataman bago ibinalik ang tingin sa kinakain.

“If it’s any consolation, you should know that I’m experiencing the exact thing with my family,” pagbibigay-alam niya. “At ngayon lang din sila nagpumilit na sabihan akong dalhin ang isang babae sa bahay. They also want you in the house for dinner, this Saturday.”

She just looked at him.

He smiled. “And I must say, uhm... I really enjoyed what happened. The kiss, I mean.” Tuwing tinitingnan siya ng babae ay iyon ang naaalala niya.

“Finley?” tawag nito.

“Yes?” *And man, the way she says my name...*

“Puwede huwag mo nang masyadong ipaalala

sa akin 'yon? Kumakain ako, eh.” Ibinaba nito sa pinggan ang kubyertos.

“Sorry,” pigil ang ngiting sabi niya.

Na pinili nitong huwag na lang pansinin. “So, ayun na nga. Gusto kang imbitahan ni Mama sa bahay. Pakakainin ka daw niya. Gusto pa nga niyang ako ang magluto.”

“Wait, you cook?” He was genuinely impressed. Maganda, obviously ay matalino, sexy, masarap humalik, at sanay magluto... ano pa ang hahanapin niya?

“Yes... Pinaiimbitahan ka sa bahay. At dahil ang alam at pinaniniwalaan niya ay tayo, tiyak na ang dami din niyang aasahan. Na madalas tayong magkikita, magde-date... hay, kung alam mo lang kung paanong mag-isip ang nanay ko.”

“I like her already.”

“What?”

Hindi inaalis ni Finley ang tingin dito maging nang pumipiraso siya ng liempo mula sa serving plate. “I said I like your mom already. Dahil ganoon din ang lolo ko at nanay ko. Pati tatay ko, nakikisali. At gaya ng nasabi ko, gusto nilang isama kita sa bahay

for dinner this Saturday.”

“Ikaw kasi... sa susunod nga, magsasalamin ka na. O contacts man lang.” Dinuro siya nito ng tinidor. “Alam mo, next time, sana bading ang mahalikan mo. Nang madala kang buwiset ka.”

“I’m really sorry, Mel,” ulit niya. He felt guilty that he was actually not that sorry.

“Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko. O kung paano pa magpapaliwanag sa mama ko.”

Sumandal siya sa upuan. “Well, I know what to do.”

Tiningnan lang siya ni Mel. Again, all he could think about was the kiss. *Those intense eyes... and luscious lips...*

“Napag-isipan ko na ito at napagdesisyunang mas makabubuting pagbigyan na lang natin sila. Sakyan na lang natin ang trip nila. Tatal, obvious namang ang paniniwalaan lang nila ay ’yung thought na tayo na. So we might as well pretend that we really are an item. Kunwari lang,” pahayag niya, watching her beautiful face for a reaction.

Tila hindi ito makapaniwala sa sinasabi niya. “Sira ka ba? Paano kung umasa sila ng kung anu-ano?”

Pinag-isipan mo ba talaga iyan?”

“Mel, my career takes me all around the globe. Kadalasan ay every other week lang kung umuwi ako dito.” He held out his hand. “At ikaw, dito naman based ang trabaho mo. That means as a couple, bihira tayong magkikita. At eventually, puwede natin iyong gamiting dahilan sa pagbi-break natin. Sandali lang naman, Mel. Siguro hindi tatagal ng tatlong buwan ang pagpapanggap natin.”

Muli itong umiling. “I don’t know, Finley. Hindi mo alam ang kalibre ng mama ko...”

“Oh, you should know my family,” he smiled. “Willing naman ako na sa paghihiwalay natin ay ako ang lumabas na masama. Na kasalanan ko. Anyway, sanay na ako sa ganoon.”

She still looked wary. “Pag-iisipan ko.”

“Huwag mo nang pag-isipan. Trust me, it’s the best we can do.”

Umiling ang dalaga. “Hindi iyon ganoon kadali.”

“I’ll help you.” Inabot niya ang kamay nitong nakahawak pa rin sa tinidor. “Please, Mel. Kaunti na lang, sisinturunin na ako ni Lolo pag di pa kita nadala sa bahay.”

Tumaas ang isang kilay ng kaharap. And she just looked so adorable he wanted to grab her and kiss her right there.

“I’m serious! Ewan ko ba, ngayon lang naging ganoon kakulit si Lolo. Dati, kapag may nababalitaan siyang bagong girlfriend ko, sermon lang ang inaabot ko. Ngayon, may kasama nang pisikal na pagbabanta kapag hindi kita dinala sa bahay. And take note, he said he really likes you.” Again, he watched her face for a reaction. Pero nakatingin lang ito sa kanya.

“Well, I am *not* your girlfriend, Finley. At isa pa, nagkataon lang na kilala ako ng lolo mo kaya ganoon.” Muli nitong itinuloy ang pagkain.

“Ikondisyon mo na ang utak mo na girlfriend kita at magnobyong tayo,” giit niya.

“Hindi pa ako pumapayag,” sagot ni Mel nang hindi tumitingin sa kanya.

“Pumayag ka na kasi...” pilit niya at tiningnan ang kinakain nito. Namangha siya nang makitang paubos na ang kanin sa plato nito. “Grabe, patapos ka nang kumain? Tatlong servings ang tinira mo, ah.” Tinitigan niya ang pinggan ng kaharap na sinisimot na lang nito. “Anong oras ka ba huling kumain?”

“Pasado alas tres pa. Sandwich lang iyon.”

She finished her plate and eyed his bowl of shrimp sinigang. “Akin na lang ’yung kangkong at sitaw d’yan sa sinigang mo.”

Itinulak niya palapit dito ang mangkok. “Iyo nang lahat iyan. Ibang klase ka. Saan napupunta ang mga kinakain mo? Ang nipis ng katawan mo.” He eyed her body. She was not really thin but slender. Nakita na niya noong nakaraang Biyernes na wala itong tiyan, at well-proportioned ang katawan nito. She had curves in the right places. She wasn’t the bosomy type but judging from what he felt so far during their first meeting, he knew how soft she was.

“Huwag mo akong tingnan nang ganyan. Regular ang workout ko. At mahilig akong maglakad,” anito habang inaatake na ang sinigang niya.

“Gabi na, ang lakas mo pang kumain,” nailing pero amused na komento niya.

“So what kung gabi? Walang pakialamanan, masarap kumain, eh. At bakit mo ba ako pinoproblema? Ako naman ang magbabayad nitong kinain ko,” anito na saglit siyang tiningnan bago itinuloy ang pagpapak ng laman ng sinigang.

“You think I will allow that?”

“Fine. Babayaran ko din ang kinain mo. My treat.”

Tila hindi ito nabubusog dahil ang bilis din nitong nauubos ang gulay at hipon. Pati na ang sabaw.

“Lalo na iyon.” Nagpakawala isi Finley ng buntong-hininga. “Mel, ako ang bahala sa lahat ng ito, okay? Please, tapusin na natin ang pilitan. You’re my girl, from now on.” Inilapit niya ang mukha rito at bumulong. “Kunwari lang,”

“Kailangan talagang ngayon na?” tanong nito, napaatras nang kaunti.

“Oo, para makatulog na tayo nang maayos. Tingnan mo, o.” He reached out to touch her face, right below her big soulful eyes. “May eyebags ka na... buti na lang maganda ka pa rin.”

Bumuntong-hininga lang ito. “Okay, sige na... uh, gusto ko ng dessert.”

“Dessert pa?” Napamulagat siya rito. “May paglalagyan ka pa?”

“Leche flan, please.” Ngumiti ito.

Napapalatak lang siya.

And to his shock, she actually batted her lashes. “Please?”

Hindi makapaniwala si Finley na ang babaeng

nais siyang bugbugin noong Biyernes lang ay tila nagpapa-cute sa kanya. Tinawag niya ang isang waiter at humingi ng isang order ng leche flan. Then he realized something. “Tama ba ang narinig ko? Pumapayag ka na?”

Tumango lang ito bago uminom ng tubig.

“Yes!” Tila nanalo sa pustahang ikinuyom niya ang kamao at itinaas iyon sa ere.

“Kunwari lang,” paalala nito.

He nodded. “But of course.”

“Pero totoong libre lahat ng kinain ko?” Tiningnan siya nito na tila naniniguro.

“Uh-huh...”

“Pati leche flan?”

“Yup.”

Ngumiti ito, iyong klase ng ngiti na hindi niya alam kung grateful o nagpapa-cute o talagang ganoon lang ba itong matuwa. Nevertheless, that smile wreaked havoc to his senses. Because that smile seemed to promise a thousand things.

Tiningnan niya ito nang mataman. “Huwag kang ngingiti nang ganyan at baka maisipan kong

maningil.”

Napalis ang ngiti ni Mel at sinimangutan siya.

Natawa ang binata.